
LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino
# Ang Dula




Kuwento ni Sierra Mae Paraan
Inedit ni Pia Zorayda Busiños
Guhit ni Alexandra Paredes




May dulang itatanghal ang klase para sa Buwan ng Sining.

Silang bahagi ng paghahanda, pipiliin ni G. Dotusme ang gaganap na pangunahing bida.

Sa araw ng *audition,* nakapila sa labas ng silid-aralan ang mga nagnanais maging pangunahing bida. Naroon sa upuan at nagsisilbing *audience* ang mga tagagawa ng iskrip, tagaayos ng musika, kostyum, *props,* at disenyo sa entablado.

"Alam n'yo mga bata, napakaraming kanta ang itatanghal natin sa Buwan ng Sining," bungad ni G. Dotusme. "'Di ko maintindihan kung bakit 'Penpen Di Sarapen' ang ginamit na audition song ng iba."

Nagtawanan ang mga nasa likod ni G. Dotusme. "Alam n'yo namang larong pambata ang Penpen Di Sarapen. Parang nilalaro n'yo lang itong audition," patuloy niya.



Saka itinaas ni G. Gotsume ang kamay at ikinumpas ito upang sabay-sabay na kumanta ang audience.


Kahit pa natatawa sa ginagawa, halos lahat ay umawit:

*♪ "Pen pen di sarapen,*
*di kutsilyo di almasen,*
*haw, haw di karabaw di batuten.*

*Sipit namimilipit. Ginto't pilak*
*namumulaklak sa tabi ng dagat."* ♫

Pumalakpak si G. Dotsume. Tumingin siya sa mga mag-aaral na nasa likod niya. "Aba, ang galing ng audience natin. Sigurado kayong ayaw n'yong mag-audition?"

Muling tumawa ang mga batang nakaupo. "Okey, sige. Ayoko nang makarinig ng Penpen di Sarapen ha ... Ang susunod, pasok na," malakas na tawag ng guro.




Tumahimik ang buong klase nang makita ang susunod na aawit. Si Dang ang pumasok sa silid. Siya ang kilalang soprano ng klase. “Maliit na bata pero malaki ang baga.” Ito ang madalas marinig ni Dang sa mga guro.

Kahit namumula sa kaba, sinimulan ni Dang ang pagkanta:

♪ *Leron, Leron, sinta,*
*buko ng papaya.*
*Dala* dala*'y buslo --*
*sisidlan ng bunga.*

*Pagdating* sa *dulo,*
*nabali ang sanga.*
*Kapos Kapalaran!*
*Humanap ng iba.* ♫

Para sa buong klase, matamis pakinggan ang boses ni Dang.



“Parang si Lea Salonga ... ” bulong ng isang kaklase .

Tumango-tango si G. Dotusme, saka pinaupo si Dang sa isang tabi. Maya-maya, tinawag ng guro ang susunod at panghuling aawit .

Pagpasok ng mag-aaral, nanahimik ang lahat ng tao. Kung si Dang ang soprano sa kababaihan, siya naman ang tenor sa kalalakihan. Siya kasi ang madalas na kalaban ni Dang sa mga timpalak. Minsan na silang nagtunggali sa “Little Star of Barangay Maragsa” at sa “Tagisan ng Talento” ng paaralan noong Christmas party.

Pumasok ang isang lalaking nakangiti at nakataas ang  noo—si Angelo.

**Gawain:** Bumuo ng tanong batay sa mga sagot na nakalista. Sundin ang halimbawa sa ibaba. Gamitin ang mga salitang: **kailan, saan, sino,** o **ano.**

Halimbawa:

"Penpen Di Sarapen" - ***Ano ang paboritong kantahin* ng *mga bata para sa kanilang audition?***

1) Dang

______________________________

______________________________

2) Leron Leron Sinta

______________________________

______________________________

3) sa labas ng silid-aralan

______________________________

______________________________

4) Angelo

______________________________

______________________________

5) Buwan ng Sining

______________________________

______________________________




Habang naghihintay ng hudyat ni G. Dotusme, kumindat-kindat sa kaklase si Angelo. Natawa tuloy ang mga nanonood.

Nang magsimula na si Angelo, sumayaw-sayaw siya habang buong-pusong umaawit:

♪ *Si Filemon, si Filemon,*
*namingwit sa karagatan,*
*Nakakuha, nakakuha,*
*ng isdang tambasakan.*
*Ibinenta, ibinenta*
*sa may talipapa.*
*Ang kita n'ya ay nawala,*
*Ang kita n'ya ay nawala,*
*Pinatalo sa sakla!* ♫

Halatang tuwang-tuwa si Angelo sa ginagawa. Kilala si Angelo sa klase bilang pilyo at mapagbiro. Ilang beses na siyang muntik ipadala sa principal's office. Kaya naman pagkatapos niyang umawit, nagpalakpakan at nagtawanan ang buong klase. Kasama na rito si G. Dotusme.




Maya-maya pa, tumayo si G. Dotusme sa harap ng klase. Hinintay niyang kumalma at manahimik ang mga mag-aaral bago magsalita. “Okey. Mukhang mayroon tayong dalawang nangungunang kandidato.”

Walang mag-aaral na gumagalaw sa upuan kakaabang.

“Pagbati kina Dang at Angelo!” nakangiting pahayag ni G. Dotusme. “Ngayon, papasok na tayo sa *one-on-one showdown.*”

“Showdown! Showdown!” kantiyaw ng buong klase. Nang tumingin nang seryoso si G. Dotusme, saka lamang nanahimik ang lahat.

“Pumili kayo ng iba pang piyesa mula sa itatanghal natin,” bilin ni G. Dotusme sa dalawang kandidato. “Doon ko pipiliin kung sino ang magiging bida sa dulang ito.”




Unang pumunta si Dang sa harap ng klase. “Madalas kantahin ng mga magsasaka itong napili kong awitin.”

Nagsimulang kumanta si Dang. Napanganga ang mga kaklase niya. Sa unang nota pa lang, bumirit na siya gamit ang matinis na boses:


♪ *Magtanim ay di biro,*
*maghapong nakayuko.*
*Di naman makatayo,*
*di naman makaupo.*

*Sa umagang pagkagising*
*lahat ay iisipin*
*kung saan may patanim*
*may masarap na pagkain.*

*Braso ko‘y namamanhid,*
*baywang ko’y nangangawit.*
*Binti ko‘y namimintig*
*sa pagkababad sa tubig.*

*Kay pagkasawingpalad*
*ng inianak sa hirap,*
*Ang bisig kung di iunat,*
*di kumita ng pilak.*

*Halina, halina, mga kaliyag,*
*Tayo‘y magsipag-unat-unat.*
*Magpanibago tayo ng lakas*
*para sa araw ng bukas.* ♫




Nagpalakpakan at nagtayuan ang mga kaklase ni Dang. Pati sina G. Dotusme at Angelo, di mapigilan ang ngiting umabot hanggang tenga.

Lumakad si Angelo papunta sa harapan ng klase.

“Okey, yung kanta ko, para sa lahat ng babae ...”

Kumindat si Angelo saka nagsimulang kumanta. Sinabayan pa niya ito ng pag-indak:

♪ *Paruparong bukid*
*na lilipad-lipad.*
*Sa gitna ng daan*
*papaga-pagaspas.*
*Sambara ang tapis,*
*sandangkal ang manggas*
*Ang sayang de kola*
*isang piyesa ang sayad.*

*May payneta pa siya-uy!*
*May suklay pa man din-uy!*
*Nagwas de-ohetes*
*ang palalabasin*
*Haharap sa altar*
*at mananalamin*
*at saka lalakad*
*nang pakendeng-kendeng.* ♫




Nagpalakpakan at nagtawanan ang buong klase pagkatapos ni Angelo. Kahit sina Dang at G. Dotusme, hirap magpigil ng tawa.

Matapos ang ilang sandali, pumunta na si G. Dotusme sa harap upang ianunsiyo ang magwawagi.

"Teka lang po," nagtaas ng kamay si Dang. "Kailangan ba talagang isa lang ang manalo, ser?"

"Oo nga po," dagdag ni Angelo. "Baka puwedeng sayawan ko na lang yung kakantahin ni Dang."

Itinuloy ni Dang ang sinasabi, "Di ba ser, kaya nga tayo maraming kanta sa dula ... Kasi di tayo makapili ng isa. Lahat maganda."

Lumuhod si Angelo at nagpapatawang kumapit sa binti ng guro. "Sige na po, ser."

Nakangiting sumagot ang guro, "O sige, babaguhin lang ng kaunti ang iskrip. Sa dulang ito, magkakaroon tayo ng dalawang pangunahing bida."

Masayang nag-ingay ang lahat ng estudyante.

## Skill Builder

**Gawain:** Pumili ng isang kanta sa kuwentong binasa. Pagkatapos, maghanap ng dalawa o tatlong kaklase na pareho ang napiling awitin. Mag-ensayo upang kantahin ito sa harap ng buong klase.

*Para sa Guro:* Maaari ding hikayatin na bumuo ang mga mag-aaral ng maliliit na grupo at magtalaga ng kanta para sa bawat grupo.




Seryoso ang mukha ni G. Dotusme nang humarap sa klase. Tumahimik ang lahat nang makita ang nakakunot na noo ng kanilang guro.


"Alam kong ilang linggo n'yong pinaghandaan ang dula. Pero may problema tayo."

Mula sa kaniyang kinatatayuan, nakita ni G. Dotusme ang takot sa mata ng mga bata.

"Nagka-dengue si Kaye, ang pinuno natin sa *set design*. Kahit na may kani-kaniya na kayong gawain, kailangan pa rin nating tulungan ang grupong nagdidisenyo."

Napalitan ng pag-asa ang takot sa mata ng mga estudyante.

"May naisip ba kayong ideya para sa *background* natin?" nakangiting tanong ni G. Dotusme.




Mabilis na sumagot si Angelo, "Mukha po namin, ser. Para kyut."

Nagtawanan ang buong klase. Nang magsalubong ang kilay ni G. Dotusme, nanahimik ang lahat. "Mukha ba akong nagpapatawa, Angelo?"

Biglang nagtaas ng kamay si Dang.

"A, paano po kung drowing ng bukirin at hayop sa probinsiya? Tapos lagyan natin ng araw, bundok, puno, mga prutas ... siguro pati po magsasaka," paliwanag ni Dang. "Di ba ser, karamihan ng kantang itatanghal natin, galing sa probinsiya? E di yun  na lang ang background natin!"

Napatango si G. Dotusme.




Biglang itinaas ni Angelo ang kamay.

“Siguraduhin mong hindi piktyur mo ang imumungkahi mo, Angelo,” pauna ni G. Dotusme.

“Ay, kahit hindi po piktyur ko ang gagamitin,” nakangiting sagot ni Angelo. “E ser, paano po kung mga Pilipino ang ilagay natin sa background? Puwede yung iba-ibang trabaho ng Pilipino. Yung dula po natin tungkol sa kultura ng Pilipinas, di po ba? Puro kultura sa probinsiya lang po, ser, ang mapapakita natin niyan. Ganiyan na po ang paksa ng mga kanta natin.”

Napakamot ng ulo si G. Dotusme. Tiningnan niya sina Dang at Angelo, saka ngumiti nang pagkalaki-laki.



“Alam n’yo dahil sa mga mungkahi ... naalala ko yung mga sikat na pintor sa bansa,” sagot ni G. Dotusme. “Kilala n’yo na ba si Fernando Amorsolo?”

Nanatiling nakatingin ang klase kay G. Dotusme.

“E si Victoria Edades?”

Sa pagkakataong ito, ang mga estudyante naman ang nagkunot ng noo.

Nagtaas ng kamay si Dang, “Kilala po namin si Juan Luna at Felix Hidalgo. Ilan lang sila sa mga sumikat nung panahon na sinakop tayo ng Espanyol.”

Ngumiti si G. Dotusme, “Magaling. Sige, yung mga ikukuwento ko naman ang mga nakilala nung panahong sakop tayo ng Amerikano.

Tumahimik ang klase, nakaabang sa sasabihin ni G. Dotusme.

**Gawain:** Para makapagtanghal ng isang dula, ilista ang mga hakbang na dapat gawin.

1) ______________________________

2) ______________________________

3) ______________________________

4) ______________________________

5) ______________________________

6) ______________________________

Alin sa mga ito ang gusto mong pagtuunan ng pansin? Bakit ito ang iyong napili?

______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## Ikaapat na Bahagi





"Madalas itampok ni Fernando Amorsolo ang buhay sa probinsiya: pinapakita sa mga pinta niya ang kalikasan, bundok, bukirin, puno, halaman, at mga hayop. Ang mga magbubukid at mga dalaga, makikitang masaya sa mga pinta niya," paliwanag ni G. Dotusme. "Kilala si Amorsolo sa makukulay na pinta. Siya ang kauna-unahang Pambansang Alagad ng Sining para sa Sining-Biswal."

Ipinagpatuloy niya ang talakay.

"Kung ang mga pinta ni Amorsolo ay nagpapakita ng masasaya at makukulay na larawan, kabaligtaran naman ito ng kay Victoria Edades. Halimbawa, mayroon siyang isang likha na nagpapakita ng marurumi at pawisang mga *construction worker.*

Ipinakita ni Edades ang realidad at hirap na dinaranas ng uring manggagawa. Nakilala si Edades bilang Ama ng Makabagong Sining sa Pilipinas. Kinalaunan, itinanghal din siyang Pambansang Alagad ng Sining para sa Pagpipinta."



“Astig!” biglang nagsalita si Angelo. “Gusto ko rin pong maging alagad, ser.”

“Gusto ko rin ‘yon para sa ‘yo,” sagot ni G. Dotusme. “Pero sa ngayon, sikapin mo munang maging alagad ng katahimikon. Puwede ba yun?”

Natawa ang buong klase. Saka nagpatuloy si G. Dotusme. “Sa palagay ninyo, aling estilo kaya ang bagay sa background natin?”

Tahimik ang buong klase. Nag-iisip sila ng isasagot kay G. Dotusme. Itinaas ni Dang ang kamay at nagtanong, “Ser, ito lang po ba ang pagpipilian namin?”

Malakas na tumawa si G. Dotusme. “Gusto n’yo pa bang makarinig ng ibang kuwento? Ibang pintor na Pilipino?”



Naaliw si G. Dotusme sa interes ng mga bata sa iba't ibang sining ng Pilipinas.

"Puwede rin tayong gumawa ng *mural.*"

"Ito po yung pinta sa pader, ser?" sagot ni Dang.

"Tumpak! Alam ko, balak ng grupong nagdidisenyo na iguhit sa *craft paper* ang *backdrop* saka ididikit sa entablado. Kung mayroon tayong pader at kung papayagan ng punongguro, *aba*, puwede tayong magpinta."

Nagningning ang mga mata ng buong klase.

Pagpapatuloy ni G. Dotusme, "Sa Pilipinas, nakilala sa *mural painting* si Carlos 'Botong' Francisco. Bukod sa pagpipinta, nakilala rin siya sa pagsulat ng mga pelikula at pagbuo ng kostyum."




“Ser, ser ... “ malakas na tawag ni Angelo. “Baka puwedeng magpinta na tayo tapos huwag na lang natin sabihin sa punongguro.”

*“Vandalism* ang tawag dun, iho,” sagot ni G. Dotusme. Muling tumawa ang buong klase. “Magpaalam muna tayo sa punongguro. Pero dahil isang beses lang tayong magtatanghal, malabo tayong mapayagan. Hayaan n’yo ... iisip ako ng pader na puwedeng gawing mural.”

May mga nagpalakpakan, tumawa, at nag-apiran sa klase.

“Siya nga pala,” paalala ni G. Dotusme. “Okey na ba ang kostyum natin?”

Kinumpirma agad ito ng grupong nag-aayos ng kostyum. Mayroong naglabas ng Barong Tagalog, saya, bakya, at camisa de chino para ipakita sa klase.




Pumalakpak si G. Dotusme. “Ayos. Mukhang handang-handa  na tayong magtanghal.”

Muling nagpulong at nagsanay ang mga bata para maghanda. Sa isang kanto, makikitang umaawit sina Dang at Angelo. Gaya ng nakasanayan, naglibot-libot si G. Dotusme upang tulungan ang mga bata. Ganito ang ginawa nila kinabukasan at sa mga sumunod pang araw.

Pagdating ng araw ng pagtatanghal, sabik na sabik ang buong klase. Mayroon silang dalawang magkaibang background, nakaaaliw na mga awit, magagaling na artista, makukulay na kostyum, at magandang iskrip.

Tuwang-tuwa ang buong klase pag-akyat ng entablado. Ngayon pa lang, nasasabik na silang magtanghal ng isa pang dula.

**Gawain:** Kung bibigyan ka ng pagkakataong makapanayam ang mga Pambansang Alagad ng Sining, ano-ano ang iyong itatanong sa kanila? Magbigay ng limang tanong.

1) ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2) ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3) ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

4) ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

5) ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Gawain:** Batay sa mga katangiang binanggit sa mga dibuho nina Fernando Amorsolo, Victoria Edades, at Carlos “Botong” Francisco, gumuhit ng sarili mong obra. Kung ikaw ang papipiliin, anong paksa ang iyong ipipinta? Bakit ito ang iyong napili?

*Para sa Guro:* Maaari ding hikayatin ang klase na magsagawa ng *gallery walk* kung saan titingnan ng mga bata ang obra ng bawat isa.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation